
3

# Mother Tongue-Based Multilingual Education

## Ikaapat na Markahan – Modyul 3: Paano Nga Ba?




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Mother Tongue-Based Multilingual Education – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 3: Paano Nga Ba?**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Shielavel A. Alcarion

**Editor:** Lira S. Rubio, Jesusa P. Ambrona, Lourdes C. Manlapus

**Tagasuri:** Babeth P. Gevila, Romeo A. Mamac, Bryan Ephraem E. Miguel

**Tagaguhit:** Leo Rey L. Sanchez

**Tagalapat:** Hazel Jane A. Villegas

**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Janette G. Veloso, Analiza C. Almazan, Ma. Cielo D. Estrada, George N. Wong, Winnie E. Batoon, Chona M. Calatrava, Teresita E. Helgason, Jesusa P. Ambrona

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: regionxi@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Mother Tongue-Based Multilingual Education

## Ikaapat na Markahan – Modyul 3:
## Paano Nga Ba?

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

## Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Mother Tongue-Based Multilingual Education 3 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Paano Nga Ba?**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

**Para sa mag-aaral:**

Malugod na pagtanggap sa Mother Tongue-Based Multilingual Education 3 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Paano Nga Ba?**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na  naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# *Alamin*

Kumusta? Maligayang pagdating sa Ikaapat na Markahan! Halika at sabay nating alamin ang nilalaman ng modyul na may pamagat na Paano Nga Ba?

Subukin mong alamin kung paano nga ba kilalanin at gamitin ang mga pang-abay na pamaraan. May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- nakikilala at nagagamit ang pang-abay na pamaraan sa magkakaibang antas ng paghahambing (MT3G-IVf-g-2.5.2).

### *Mga Tala para sa Guro*

Huwag kalimutang basahin ang bawat panuto na makikita sa modyul na ito, upang ikaw ay maging matagumpay sa paggamit nito.

## *Subukin*

Bilang pagsubok sa iyong kasalukuyang kakayahan, sagutin ang sumusunod na katanungan. Isulat ang titik ng iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Ito ay naglalarawan kung paano naganap, nagaganap, o magaganap ang kilos ng pandiwa.

    A. pang-abay na panlunan
    B. pang-abay na pamaraan
    C. pang-abay na pamanahon

Tukuyin ang pang-abay na pamaraan sa pangungusap

2. Si Edshel ay tahimik na kumain sa kaniyang mesa ngayong umaga.

    A. Edshel B. kumain C. tahimik

3. Mabilis akong nakakuha ng bagong pares na tsinelas.

    A. bago B. mabilis C. nakakuha

4. Ang bolang walang hangin ay mahirap paglaruan.

    A. bola B. mahirap C. paglaruan

5. Mahinang magrosaryo ang matandang babae.

    A. babae B. mahina C. matanda

# Aralin 1 Paano Nga Ba?

Naaalala mo pa ba kung ano ang pang-abay? Alam mo bang may iba't ibang uri nito? Ngayon ay aalamin natin kung paano nga ba inilalarawan ng pang-abay na pamaraan ang mga pandiwa, pang-uri o kapwa pang-abay. Halina't sabay-sabay nating pag-aralan kung ano ang mga ito.

Ngunit bago pa tayo magpatuloy sa ating panibagong paksa, balikan muna natin kung ano ang natutuhan mo sa nakaraang modyul.

## *Balikan*


Ayusin ayon sa wastong pagkasunod-sunod ang sumusunod na pangungusap upang makabuo ng talata. Gamitin ang mga panandang salita na **una**, **pangalawa**, **pangatlo**, **pang-apat** at **sa katapusan**. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Tinulungan niya ang kaniyang ina sa paglilinis ng bahay, habang abala ang kaniyang mga kapatid sa paghahanda ng mga masasarap na pagkain.
2. Naligo agad siya at nagbihis ng magandang damit.
3. Gumising nang maaga ang batang si Amanda dahil kaarawan na niya. Siya ang bunso sa magkakapatid.
4. Iniligpit niya agad ang kanyang higaan nang may ngiti sa labi.
5. Masayang-masaya si Amanda sa kanyang kaarawan dahil kompleto ang kanyang pamilya. Dumating na ang kanyang mga bisita, kamag-anak at, kaibigan. Ito na ang pinakamagandang araw na nangyari sa kanyang buhay.

## Tuklasin

Basahin ang kuwento. Pagkatapos, sagutin ang kasunod na tanong ito. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

Paligsahan sa Pagtakbo
ni: Shielavel A. Alcarion



Sa isang tahimik at mapayapang lugar ay mayroong tatlong magkakaibigang naninirahan sa Brgy. Matapang. Sila ay sina Jep, Marlo at, Antonio. **Masayang** naglalaro ang magkakaibigan sa itaas ng puno. Katatapos lang nilang kumain ng mangga. Mahilig silang magpaligsahan sa maraming bagay, ngunit hindi naman ito ikinasisira ng kanilang pagkakaibigan. Ngayong araw ay may gaganaping paligsahan sa kanilang barangay 'Paligsahan sa Pagtakbo'. Naisipang sumali ng magkakaibigan sa palarong ito dahil mukhang masaya. Hindi na nila inisip ang kanilang mapapanalunan sapagkat ang nais lamang nila ay magpakasaya. Lima lamang silang sasali sa paligsahan kaya't mas lalo silang nasasabik.

Nagsimula na ang paligsahan at **matuling** tumakbo si Jep. Kasimbilis niyang tumakbo ang isa pang batang lalaki. Si Marlo naman ay **seryosong** tumatakbo habang si Antonio naman ay **patawa-tawang** tumakbo dahil muntik na siyang madapa. Maraming tao ang sumisigaw nang **malakas** at todo suporta sa kanilang pambato. Nang malapit na sila ay tagaktak na ang pawis ng magkakaibigan. Sa bandang huli, si Jep ang nanguna at pangatlo naman si Marlo. Kahit walang napanalunan si Antonio, **masaya** pa niyang tinapos ang laro.

**Sagutin:**

1. Sino-sino ang tauhan sa kuwento?
2. Saan ginanap ang paligsahan?
3. Anong paligsahan ang kanilang sinalihan?
4. Sino naman ang nanalo?
5. Sino ang panghuli sa paligsahan?




## *Suriin*

Basahin ang mga pangungusap mula sa kuwento. Ano kaya ang tawag sa mga salitang may salungguhit?

- Masayang naglalaro ang magkakaibigan sa itaas ng puno.
- Nagsimula na ang paligsahan at matuling tumakbo si Jep.
- Si Marlon naman ay seryosong tumatakbo habang si Antonio naman ay patawa-tawang tumakbo dahil muntik na siyang madapa.
- Maraming tao ang sumisigaw nang malakas at todo suporta sa kanilang pambato.

Alam mo ba ang tawag sa mga salitang may salungguhit? Ang mga ito ay tinatawag na pang-abay na pamaraan. Ano nga ba ang pang-abay na pamaraan?



## Tandaan

Ang **pang-abay** ay salitang naglalarawan ng pandiwa, pang-uri, at kapuwa pang-abay. May iba't ibang uri ng pang-abay, isa rito ang tinatawag na **pang-abay na pamaraan.** Ito ay naglalarawan kung paano naganap, nagaganap o magaganap ang kilos ng pandiwa.

Halimbawa:

1. Malakas na nagkantahan ang magkaibigan.

Ang salitang **malakas** ay tinatawag na pang-abay na pamaraan at inilalarawan nito ang salitang nagkantahan na ang ibig sabihin ay naganap na o tapos na.

2. Masayang naglalaro ang magkakaibigan sa parke.

Ang salitang **masaya** ay pang-abay na pamaraan sapagkat inilalarawan nito ang salitang naglalaro na kung saan ito ay nagaganap pa.

3. Si Tina ay masiglang aawit sa entablado mamayang gabi.

Ang salitang **masiglang** ay isang pang-abay na pamaraan dahil inilalarawan nito ang salitang aawit na kung saan ito ay magaganap pa lamang o hindi pa nagawa ang kilos.

## Pagyamanin

Tukuyin at isulat sa iyong kuwaderno ang pang-abay na pamaraan sa pangungusap.

1. Mahinang magsalita ang aking lola.
2. Sinigawan ako nang malakas ni Henry.
3. Si Nelia ay malambing na umawit.
4. Masayang sinabi sa akin ni nanay ang magandang balita.
5. Tuwang-tuwa akong tumawag sa aking kapatid.

## Isaisip

Ano ang pang-abay na pamaraan? Paano mo masasabi na ito ay pang-abay na pamaraan?

## Isagawa

Basahing mabuti ang mga pangungusap at hanapin ang mga pang-abay na pamaraan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel o sa kuwaderno.

1. Si Cynthia ay tahimik na nakaupo sa kaniyang mesa ngayong umaga.
2. Siya ay matiyagang naghahanap ng salita sa diksiyonaryo.
3. Si Yellyn ay malakas na tumawa sa biro ng kaibigan.
4. Tulalang nakatingin si Elvie sa mga panauhin.
5. Kami ay masiglang pupunta sa kamping bukas.

## Tayahin

Basahin ang mga pangungusap at kopyahin ang mga pang-abay na pamaraan. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Ikaw ba ay magaling magluto?
2. Mabagal lumakad ang matandang lalaki.
3. Malakas sumigaw ang ale.
4. Mabagal kumain ng suman si Amelia.
5. Masamang magalit ang kanyang kapitbahay.

## Karagdagang Gawain

Ayusin ang mga titik upang mabuo ang palaisipan at itala ang mga pang-abay na pamaraan na makikita sa bawat bilang. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| p | t | i | a | k | g | o | l | n |

________1. Mataas lumukso at tumalun-talon,
Insekto na ito'y kakulay ng dahon.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| t | g | o | a | m |

________2. Mabuting inumin kapag ikaw ay may sakit ;
Gagaling kaagad, 'di ba iyan ang ibig?

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| k | b | a | a | o | y |

_________3. Matuling tumakbo habang sakay si Toto,
Ano kayang hayop ito?

# Susi sa Pagwawasto

**Karagdagang Gawain**

1. tipaklong, mataas
2. gamot, mabuti
3. kabayo, matulin

**Tayahin**

1. magaling
2. mabagal
3. malakas
4. mabagal
5. masama

**Isagawa**

1. tahimik
2. matiyagang
3. malakas
4. tulalang
5. masiglang

**Isaisip**

1. Ang pang-abay na pamaraan ay naglalarawan kung paano naganap, nagaganap, o magaganap ang kilos ng pangiwa.
2. Ito ay nagsasabi kung paano ginawa ang kilos.

**Pagyamanin**

1. Mahinang
2. malakas
3. malambing
4. Masayang
5. Tuwang-tuwang

**Tuklasin**

1. Sina Jep, Marlo at Antonio.
2. Sa Brgy. Matapang.
3. Paligsahan sa pagtakbo.
4. Si Jep
5. Si Antonio

**Balikan**

Una, Gumising ng maaga ang batang si Amanda dahil kaarawan na niya. Siya ang bunso sa magkakapatid. **Pangalawa**, Iniligpit niya agad ang kaniyang higaan ng may ngiti sa labi. **Pangatlo**, Naligo agad siya at nagbihis ng magandang damit. **Pangapat**, Tinulungan niya ang kaniyang ina sa paglilinis ng gawaing bahay, habang abala ang kaniyang mga kapatid sa paghahanda ng mga masasarap na pagkain. **Sa katapusan**, Masayang masaya si Amanda sa kaniyang kaarawan dahil kompleto ang kaniyang pamilya. Dumating na ang kaniyang mga bisita, kamag-anak at kaibigan. Ito na ang pinakamagandang araw na nangyari sa kaniyang buhay.

**Subukin**

1. B
2. C
3. B
4. B
5. B

# *Sanggunian*


*Curriculum Guide sa MTB-MLE 3*, 149

*Latest MELC for MTB-MLE Grade III Q4, 374*

Nelia D. Bamba et.al, MTB-MLE Kagamitan ng Mag-aaral (Tagalog-Baitang 3) 2014, 21 E Boni Serrano Ave., Quezon City, Book Media Press, Inc., 2014, 333-334

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph